TESTIMONYA NG MGA COMMUNITIES OF INTEREST

Isang worksheet para sa mga miyembro ng ating komunidad

Ang pagbabahagi ng isang testimonya ng iyong "community of interest" sa isang paglilitis patungkol sa muling pagdidistrito ay isang makapangyarihang paraan ng paghugis ng mapa ng distrito ng inyong komunidad para sa susunod na dekada. Sa kaunting paghahanda, madali lang itong gawin.

ISIPIN NA INILALARAWAN MO ANG IYONG KOMUNIDAD SA ISANG KAIBIGAN NA NAIS TUMIRA DOON.

Ang iyong komunidad ay maaaring kasing liit ng inyong kalye, inyong asosasyon ng kapitbahayan, o ang network ng mga magulang na siyang nagpapadala ng kanilang mga anak sa parehong paaralan o kalahok sa magkaparehong Little League. O maaaring ito ay may malaking sakop, kabilang ang lahat sa inyong lungsod o lalawigan na nagsasalita ng parehong wika tulad ng sa iyo, lahat ng nagrerenta ng bahay at sa naghihirap pagbayad ng mga bayarin, o lahat sa isang partikular na parte ng isang bayan na naghihirap dahil sa under-investment at kakulangan sa mga serbisyo.

ANO ANG ISANG COMMUNITY OF INTEREST?

Ang community of interest ay ang iyong komunidad. Maaaring ito ay isang kapitbahayan, network o grupo ng mga tao na mayroong magkakaparehong interes sa isang komunidad at magkakaroon ng benepisyo mula sa paggrupo sa isang distrito. Mag-isip ng simpleng paraan upang ilarawan kung ano ang pagkakapareho mo at ng iyong mga kapitbahay at ano ang bagay na nagpapatangi sa inyong komunidad kumpara sa mga nakapalibot na mga komunidad. Tandaan – ikaw ang eksperto sa inyong komunidad!

TESTIMONYA NG MGA COMMUNITIES OF INTEREST

Isang worksheet para sa mga miyembro ng ating komunidad

BAKIT IMPORTANTE ANG MGA COMMUNITY OF INTEREST?

Ang pagpapanatili ng mga community of interest ng sama-sama ay importanteng prinsipyo sa muling pagdidistrito. Maaari itong maging malaking tulong sa mga komunidad na tradisyonal ng naiwan o hindi naisasama sa prosesong pulitikal. Ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring ilarawan ang kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagbahagi ng kani-kanilang mga kwento at paglarawan ng kanilang mga iniisip sa mga taga-guhit ng linya na siyang namumuno sa proseso ng muling pagdidistrito.

Ang pagpapanatili ng mga community of interest sa buong proseso ng muling pagdidistrito ay maaaring pamantayan sa muling pagdidistrito sa inyong estado o kinikilala ng hukuman bilang mahalagang konsiderasyon. Ang worksheet na ito ay gagabay sa iyo sa mga pangkaraniwang mga elemento upang matulungan ka sa paglarawan sa iyong komunidad sa inyong kapulungan ng muling pagdidistrito, na maaaring maging ang inyong konseho ng lungsod, board ng mga supervisor, o distrito ng paaralan, lehislatura ng estado o komisyon ng muling pagdidistrito.

Alamin kung sino ang namumuno sa muling pagdidistrito. Alamin kung mayroong paglilimita sa oras na maaaring magsalita. Magplano ng maaga.

TEMPLATE NG ISKRIP

Magandang araw, ang pangalan ko ay _____. Ako ay [nakatira/nagtratrabaho] sa [pangalang ng iyong komunidad/lungsod] ng _____ sa loob ng _____ na taon. Nais kong ihiling na ipanatili ang aking komunidad, [pangalan ng komunidad] ng magkakasama.

ILARAWAN ANG IYONG KOMUNIDAD...

_____

_____

_____

_____

Ipangalanan ang iyong komunidad. Ilarawan ang iyong komunidad sa pamamagitan ng pagbahagi ng inyong mga magkakaparehong interes at katangian. Maaaring kabilang dito ang paglalarawan sa mga tao na nakatira na inyong komunidad, mga kwento tungkol sa kasaysayan at kultura ng inyong komunidad o mga espesyal na pangangailangan ng inyong komunidad. Walang tama o mali na paraan sa paglalarawan ng inyong komunidad. Siguraduhin lamang na pag-usapan ninyo kung ano ang nag-uugnay-ugnay sa mga tao sa inyong komunidad. Pag-isipan ang mga katanungang ito habang ika'y nagbubuo nga plano upang ma ilalarawan ang inyong community of interest.

- Sino ang nakatira sa inyong komunidad?
- Ano ang mga uri ng mga kabuhayan na mayroon sila?
- Among uri ng kabahayan ang karaniwan?
- Anong klaseng serbisyo galing sa gobyerno ang kailangan ng mga tao?
- Mayroon bang mga kinabibilangan ang mga tao na grupong panlipunan o sibiko?
- Mayroon bang mga importanteng lugar kung saan nagtitipon-tipon ang mga tao, tulad ng mga sentro ng komunidad, paaralan, simbahan, templo, asosasyon ng kapitbahayan o parke?
- Mayroon ba kayong mga magkakaparehong interes sa mga isyung pulitikal, tulad ng pagpopondo sa paaralan, access sa mga ospital, mga problemang pangkalikasan o pangkalusugan o iba pang mga isyu?
- Mayroon ba kayong pagkakapareho sa lahi o estnisidad? Kasaysayan ng imigrasyon? Ginagamit na wika?
- Ang inyong komunidad ba ay may pagkakapareho sa mga katangiang sosyo-ekonomiko, tulad ng antas ng kinikita o antas ng edukasyon?
- Ang inyong kapitbahayan ba ay mayroong mga pagdiriwang o tradisyon, tulad ng mga piyesta o parada?
- Ano ang mga nonprofit o tagabigay ng serbisyo na naglilingkod sa iyong komunidad?
- Mayroon bang mga malalaking employer? Madami bang maliliit na negosyo?
- Ang ang mga kasaysayan kung kailan nagsama-sama ang inyong komunidad? Paano nagbago ang inyong komunidad sa paglipas ng panahon?

TEMPLATE NG ISKRIP

ANG AKING KOMUNIDAD AY NASA:

Kailangan malaman ng mga taong namumuno sa pagguhit ng mga opisyal na mapa ng distrito kung saan mismo pisikal na matatagpuan ang inyong komunidad upang mapanatili nila itong buo at mailagay sa isang distrito. Narito ang mga katanungan na maaaring makatulong sa paglalarawan ng lokasyon ng inyong komunidad.

- Ano ang mga kalye o hangganan na nagmamarka sa mga hangganan ng inyong komunidad?
- Ang ang mga mahahalagang landmark: mga ilog, parke, lugar ng pamilihan, makasaysayang mga lugar, atbp.?
- Ano ang mga lugar kung saan nagpupulong-pulong at mga tagabigay ng serbisyo: mga paaralan, sentro ng komunidad, lugar na relihiyoso, at mga ahensya ng serbisyong panlipunan?
- Pinaghihiwa-hiwalay ba ng mga kasalukuyang isyung pulitikal ang inyong komunidad? O pinagsasama-sama kayo nito?

ANG AKING KOMUNIDAD AY KATULAD NG MGA KAPITBAHAYANG ITO:

ANG AKING KOMUNIDAD AY IBA SA MGA KAPITBAHAYANG ITO:

TEMPLATE NG ISKRIP

ANO ANG NAGPAPA-ESPESYAL SA INYONG KOMUNIDAD:

I-highlight ang mga isyu at kasaysayan ng inyong komunidad (magkwento ng mga personal na istorya, kung maaari) na makakatulong sa pagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng naihahalal na mga opisyal na nakakaintindi at tumutugon sa mga pangagailangan ng inyong komunidad. Magbahagi ng mga istorya at datos patungkol sa mga inaalala ng komunidad upang ipabatid kung gaano kinakailangan ng inyong komunidad na mapakinggan ng inyong naihalal na kinatawan.

- Nagsama-sama ba ang inyong komunidad upang maging tagapagtaguyod para sa mga mahahalagang serbisyo, tulad ng mas maraming impormasyon na naisalin sa mga wika, o mga sentro ng pangkalusugan sa inyong kapitbahayan?
- May mga sama-sama ba kayong napagtagumpayan o sama-samang nakapagtaguyod ng mga tradisyon?
- Ano ang mga kapahamakan na naidulot dahil hindi pinansin ang iyong boses, tulad ng mahinang kalusugan dahil sa polusyon dahil sa iyong kalapitan ng isang planta o freeway? Ano ang mga balakid sa paglutas ng mga isyung ito?

BILANG KONKLUSYON...

Bigyan din ng mga rason kung bakit mahalaga para sa iyo ang komunidad na ito para ipagsama sa bagong mapa ng distrito. Pasalamatan ang mga miyembro ng kapulungan ng muling pagdidistrito (konseho ng lungsod, school board, komisyon, atbp.), bigyan sila ng mga nakasulat na testimonya at mga materyales, pasalamatan ang mga miyembro ng iyong komunidad at mga katuwang na dumalo at muling sabihin ang iyong mga layunin.